
3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Malasakit sa May mga Karamdaman




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_EsP3_ Module1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Malasakit sa May mga Karamdaman**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Genelly A. Priagola

**Editor:** Althea S. Llameg, Arlene U. Lastimoso, Arlene C. Mariano

**Tagasuri:** Edwin C. Pameroyan, Jesyl F. Avanceña, Eduardo Jr. A. Eroy
Chomadith Loian J. Hechanova, Rolibeth M. Labadia

**Tagaguhit:** Daryl L. Escobar

**Tagalapat:** Marco R. Abellon, Salvador B. Belen Jr.

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, Mary Jeanne B. Aldeguer, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Lorenzo E. Mendoza, Felix I. Antecristo, Ernie E. Agsaulio, Nelia Q. Madelo, Alirna O. Andoy

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region XI**
Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Malasakit sa May mga Karamdaman

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy.

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay naglalayon na matutuhan mo ang isang mahalagang katangian bilang isang mag-aaral. Ang pagpadama at pag-unawa sa damdamin ng kapwa ay isang makabuluhang pag-uugali na nararapat sa kasalukuyang panahon. Sa gitna ng makabagong panahon, bihira ang personal na pakikipag-ugnayan. Malimit na nakikisalamuha na lamang ang bawat isa gamit ang makabagong teknolohiya. Mahalagang maisasabuhay mo nang palagian ang pagtulong at pag-aalaga sa kapwa upang maipakita ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikipagkapwa-tao.

Nakapaloob sa modyul na ito ang mga araling:

- Aralin 1 – May mga Karamdaman: Tulungan at Alagaan
- Aralin 2 – May mga Karamdaman: Dalawin at Aliwin

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, magagawa mo ang sumusunod:

Nakapagpapadama ng malasakit sa kapwa na may karamdaman sa pamamagitan ng mga simpleng gawain tulad ng:

1. pagtulong at pag-aalaga; at
2. pagdalaw, pag-aliw at pagdadala ng pagkain o anumang bagay na kailangan **(EsP3P-IIa-b-14)**.

## *Subukin*

Basahin ang mga sitwasyon sa bawat bilang. Gumuhit ng kahon sa iyong sagutang papel. Lagyan ng ang kahon na iyong iginuhit kung nagpapakita ito ng pagmamalasakit sa kapwa at kung hindi.


1. Lunes ng umaga, habang ika'y papasok sa loob ng silid aralan, napansin mong wala sa upuan ang katabi mong kaklase. Napag-alaman mong may sakit siya kaya lumiban sa klase. Nagkataon namang marami kang gamit na dala para sa gagawing proyekto, bigla kang natuwa dahil mailalagay mo na ang iyong mga gamit at bag sa kaniyang upuan.

2. May dinaramdam na sakit ang dyanitor ng inyong paaralan. Ibig mong makatulong sa kaniya upang mapagaan ang kaniyang gawain kaya hinikayat mo ang iyong mga kaklase na iwasang magkalat sa paligid.

3. Nakahanda na ang iyong mga magulang para dumalaw sa iyong lolong may sakit. Gusto mong sumama kaya lang hindi ka pinayagan dahil may pasok ka kinabukasan. Gustong-gusto mo nang gumaling ang iyong lolo kaya taimtim kang nagdasal para sa kaniyang paggaling.

| Aralin 1 | May mga Karamdaman: Tulungan at Alagaan |
|---|---|

Sa panahon na ikaw ay may sakit, malimit ang iyong mga magulang ang nag-aalaga sa iyo. Mas mabilis ang iyong paggaling sa tulong ng pag-aalaga nila. Ngayon, ikaw naman ang magkusang-loob na tulungan at alagaan ang mga may karamdaman sa abot ng iyong makakaya.



## *Balikan*

Ating balikan ang nakaraang aralin tungkol sa pagsunod sa bawat pamantayan o tuntuning itinakda ng inyong tahanan.

Sa inyong tahanan ba ay may pamantayan o tuntuning itinakda na dapat sundin? Ito ba ay may mabuting naidulot sa iyo?

Maglista ng limang pamantayan o tuntunin sa inyong tahanan at tukuyin kung nagagawa mo ba ito o hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| Mga Pamantayan sa Tahanan | Nagagawa mo ba ito? | |
|---|---|---|
| | Oo | Hindi |
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

# *Tuklasin*

Sa kasalukuyan, ang buong mundo ay humaharap sa pandemyang tinatawag na **Coronavirus disease** o **COVID-19**. Marami sa ating mga kababayan ang lubusang naapektuhan. Marami ang nawalan ng pangkabuhayan, at marami ang nagkasakit at nasawi. Gayunpaman, marami ang nag-abot ng tulong sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga tulong pinansyal, pagkain at serbisyo lalong-lalo na sa mga **healthcare workers** at **frontliners**. Ang simpleng pagsunod sa mga alituntunin at batas upang maiwasan ang paglaganap ng pandemya ay nagpapamalas din ng pagmamalasakit sa kapwa.

Ang pagmamalasakit sa kapwa ay maaari rin na maipakita at maipadama sa pamamagitan ng pagtulong at pag-aalaga sa may karamdaman.

Basahin ang sumusunod na sitwasyon at dugtungan kung paano mo matutulungan at maaalagaan ang taong may karamdaman. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Tuwing Sabado kung kami ay naglalaba ng Nanay, dahil siya ay papasok sa trabaho mula Lunes hanggang Biyernes. Araw ng paglalabada namin ngayon, ngunit may lagnat ang Nanay kaya ______________________________________ ___________________________________________________.

2. Paborito ko sa lahat ang aking guro. Lagi siyang masigla sa pagtuturo araw-araw. Inaabangan ko lagi ang kaniyang walang mintis na sorpresa sa klase. Nakakapanibago lang ngayon, biglang naging matamlay si ma'am. Ang nasa isip ko ay may karamdaman ang aking guro kaya _____________ ___________________________________________________.

3. Mahal na mahal ako ni lola, at mahal na mahal ko rin siya. Napakamasayahin niya at masigla. Siya ay maalalahanin at kilalang mayroong busilak na kalooban. Tuwing binibisita ko siya, ipinagluluto niya ako ng paborito kong mga pagkain. Sinasamahan niya akong mamitas ng mga gulay at prutas sa bakuran, at higit sa lahat, ipinapasyal niya ako sa batis at sa parke na malapit lang sa bahay. Ngunit, nabalitaan ko mula kay tatay na nanghihina na si lola. Kaya ______________ ________________________________________________________.

4. Si Kuya Ramon ay isang dyanitor sa aming paaralan. Kinagigiliwan siya ng lahat dahil sa kaniyang kasipagan sa trabaho at sa kaniyang katapatan. Siya rin ay mabait, palabiro at napakamasayahin. Isang araw, habang naglilinis sa palikuran ay nadulas si Kuya Ramon at nahirapang tumayo. Kaya ang ginawa ko ay __________________________ ________________________________________________________.

## *Suriin*

Ang pagmamalasakit sa kapwa ay isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal hindi lamang sa sarili, kundi lalo na sa kapwa at sa Diyos. Napatitibay nito ang ugnayan sa bawat isa. Maipakikita mo ito sa pagtulong at pag-aalaga sa mga maysakit, lalo na sa mga miyembro ng iyong pamilya. Sa simpleng pamamaraan na magagawa mo, tulad ng pagpapainom ng gamot, pag-alalay sa pagtungo sa banyo, at paghahanda ng matutulugan ay lubos mo nang maipadadama sa kanila ang iyong pagmamahal.

Bilang isang bata, mainam na maisabuhay mo ang magandang ugaling ito. Sa mga simpleng gawain ay maaari mong mabigyan ng kaginhawahan ang mga mahal mo sa buhay, lalo na ang may karamdaman.

# *Pagyamanin*

**Gawain 1**

Tingnan ang mga larawan at isulat sa bawat bilang ang ipinapakitang pagtulong at pag-aalaga. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


1.




2.



3.



4.



Sa mga larawan na naipakita sa itaas, alin dito ang nagawa mo na? Ano ang pakiramdam ng may natutulungan at naaalagaan kang tao na may karamdaman?

**Gawain 2**

Basahin ang bawat sitwasyon. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Masakit ang ngipin ng iyong nakababatang kapatid. Oras na ng pananghalian at hindi pa umuuwi ang inyong nanay. Ano ang gagawin mo?
   A. Hindi ko siya papansinin
   B. Patutulugin ko na lang ang aking kapatid
   C. Hihintayin ko ang nanay hanggang makauwi
   D. Bibigyan ko muna siya ng pagkaing malambot upang hindi siya mahirapang kumain

2. Nadatnan mong nakahiga ang iyong nanay pagkauwi mo mula sa paaralan. Masama ang kaniyang pakiramdam. Ano ang gagawin mo upang maipakita ang pagtulong at pag-aalaga sa iyong nanay na may sakit?
   A. Hihintayin ko ang pagdating ng tatay
   B. Magpapatulong sa nakatatandang kapatid sa pagluto ng sopas upang may makain si nanay
   C. Paiinumin ko siya ng kahit na anong gamot upang siya ay gumaling
   D. Lahat ng nabanggit

3. May benda ang sugatang binti ng iyong kamag-aral na katabi mo sa upuan dahil sa aksidente. Nakasaklay pa siya pagpasok sa inyong silid-aralan. Paano mo maipakikita ang pagmamalasakit sa kaniya?
   A. Hindi ko siya papansinin
   B. Aayain ko siyang maglaro sa labas
   C. Aakayin siya at hindi na gagamitin ang saklay
   D. Hindi ako maglilikot upang hindi ko masagi ang kaniyang binti

4. Sumasakit ang likod ng iyong lolo. Tinawag ka niya upang magpatulong na bumangon sa higaan ngunit hindi mo kaya dahil sa iyong kaliitan. Ano ang dapat mong gawin?

   A. Hindi ko siya papansinin
   B. Hihintayin kong makauwi ang tatay
   C. Magdadahilang masakit ang katawan ko
   D. Manghihingi ako ng tulong sa aking mga nakatatandang kapatid

**Gawain 3**



Basahin ang bawat sitwasyon. Sagutin ito ng **Tama** o **Mali**. Isulat ang sagot sa iyong papel.

1. Ang pagpapakita ng pagmamalasakit sa mga may karamdaman ay hindi lamang sa mga nakatatanda kundi pati rin sa mga kabataang katulad mo.
2. Maituturing na pakikialam ang pagtulong sa pagpapainom ng gamot sa iyong lolo at lola.
3. Walang kakayahan ang mga batang katulad mo na mag-alaga ng mga may karamdaman.
4. Magagawa mong makatulong sa pag-aalaga ng mga may sakit kahit sa simpleng mga paraan.
5. Para higit mong matulungan ang nanay mo na may karamdaman, umiiwas ka na maging pasaway, bagkus ay tumutulong ka sa gawaing bahay.

# Isaisip

Paano mo maipakikita ang pagmamalasakit sa kapwa lalo na sa mga may sakit?

Maipakikita ang pagmamalasakit sa kapwa lalo na sa mga may sakit sa pamamagitan ng

 at 

# Isagawa

Basahin ang mga sitwasyon sa unang kolum ng talahanayan sa susunod na pahina. Sa ikalawang kolum naman ay maglagay ng bituin (☆) kung gaano mo kadalas ginagawa ang pagtulong o pag-aalaga sa mga may karamdaman. Gawing basehan ang nasa ibaba. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Limang (5) bituin - para sa palagi mong ginagawa

Apat (4) na bituin - para sa madalas mong ginagawa

Tatlong (3) bituin - para sa minsan mong ginagawa

Dalawang (2) bituin - para sa bihira mong ginagawa

Isang (1) bituin - para sa hindi mo ginagawa

| Sitwasyon | Gaano kadalas |
| --- | --- |
| 1. Tinutulungan ang ate sa gawaing bahay upang makapagpahinga si nanay, lalo na kapag ito ay may sakit. | |
| 2. Inuunawa ko ang aking kaklase kapag masakit ang kaniyang ulo. | |
| 3. Umiiwas ako na mag-ingay habang<br>4. natutulog ang aking lolo. | |
| 5. Inihahanda ko ang gamot na iinumin ni lola. | |
| 6. Inaakay ko ang aking bunsong kapatid na may sakit. | |

# *Tayahin*

Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Anong kaugaliang Pilipino ang nagpapakita ng pagtulong at pag-aalaga sa mga taong may sakit?
   A. Pagkamahiyain
   B. Pagkamalikhain
   C. Pagmamalasakit
   D. Pagkamadasalin

2. Inuubo at sinisipon ang iyong kamag-aral. Wala siyang dalang pamunas ng kaniyang ilong at pantakip sa kanyang bibig tuwing uubo. Pinagtatawanan siya ng inyong mga

kaklase sa tuwing tumutulo ang kaniyang sipon sa ilong. Ano ang iyong gagawin?

A. Makikitawa rin ako
B. Huwag pansinin ang kaklase
C. Ipahihiram ko sa kaniya ang aking malinis na panyo
D. Lalayo ako upang hindi ako mahawa sa sakit niya

3. Nagmamadali kang umuwi ng bahay pagkatapos ng klase dahil may sakit ang iyong nanay at ikaw ang tutulong sa iyong tatay na maghanda ng hapunan. Nadaanan mong naglalaro sa plasa ang iyong mga kaibigan. Gustong-gusto mong sumali. Ano ang iyong gagawin?

A. Maglalaro muna saglit
B. Aawayin ang mga kaibigan
C. Uuwi sa bahay at magpapaalam sa tatay
D. Ipagpapaliban muna ang paglalaro at tutulong sa tatay

4. Paano mo maipakikita ang iyong pagmamahal at pagmamalasakit sa iyong kapwang may sakit? Sa pamamagitan ng ____________.

A. pagbabalewala
B. paghingi ng pera
C. pakikipaglaro sa kanila
D. pagtulong at pag-aalaga

5. Nakaugalian mo nang ihanda tuwing umaga ang iinuming gamot ng iyong lolo sa buong araw kaya hindi niya nakakaligtaan ang pag-inom nito. Ano kaya ang nararamdaman ng iyong lolo sa ginagawa mong ito?

A. Nagagalit sa iyong pakikialam
B. Naiiyak sa dami ng gamot na iinumin
C. Nagsasawa nang uminom ng gamut
D. Natutuwa sa iyong pagtulong at pag-aalaga

# *Karagdagang Gawain*

Mula sa mga natutuhan mo sa araling ito, maghanap ng mga salita sa **word puzzle** na may kaugnayan sa pakikipagkapwa-tao. Magbigay ng iyong pakahulugan sa bawat salita na iyong nahanap at isulat kung paano mo ito nagagawa. Ilagay ang sagot sa iyong sagutang papel.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | D | Y | U | K | X | B | N | A | J | K | S | L | P | D | A | S | F |
| W | B | N | R | T | P | A | G | T | U | L | O | N | G | K | L | A | U |
| F | J | K | L | X | B | A | E | B | T | H | Y | N | M | S | E | W | G |
| F | N | J | C | H | L | Y | K | L | A | X | D | V | B | N | M | E | G |
| Y | M | K | L | A | B | A | J | P | A | G | U | N | A | W | A | B | N |
| T | H | J | A | K | L | P | W | S | D | V | F | R | W | G | H | J | K |
| P | A | G | M | A | M | A | H | A | L | M | G | D | Y | I | O | A | G |
| J | A | K | T | R | I | P | S | C | V | B | G | J | K | I | T | E | D |
| P | B | C | X | T | I | K | A | S | A | L | A | M | A | M | G | A | P |

Mga nabuong salita:

_______________________________________

_______________________________________

_______________________________________

_______________________________________

_______________________________________

# Aralin 2
# May mga Karamdaman: Dalawin at Aliwin

Marami pa ang mga paraan upang ipakita ang pagmamalasakit sa kapwa lalo na sa may mga karamdaman. Bilang bata, limitado lang ang iyong kakayahan upang tumulong at mag-alaga. Maaari mong maipadama sa kanila ang iyong pagmamalasakit sa pamamagitan ng pagdalaw, pag-aaliw at pagbibigay ng pagkain o anumang bagay sa abot ng iyong kakayahan.

## *Balikan*

Sa nakaraang aralin, ano-ano ang natutuhan mong pamamaraan upang maipakita ang pagmamalasakit sa mga taong may karamdaman? Nagawa mo na ba ang mga ito? Ano pa ang iyong magagawa upang maipakita ang iyong pagmamalasakit sa mga may karamdaman sa kabila ng pagiging bata? Isulat sa iyong sagutang papel ang sagot sa mga katanungang ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga kolum sa ibaba.

| Natutuhang Pamamaraan | Nagawa Na | Hinda Pa Nagawa | Magagawa Pa |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

# Tuklasin

Basahin ang maikling kuwento.



## Aba! Nakagagamot ang Tinola

*ni Genelly A. Priagola*

Nakabibinging katahimikan ang nadatnan ko sa bahay isang hapon nang umuwi ako galing sa paaralan. Walang tao sa sala na malimit kong nadadatnan sina lolo at tatay na nanonood ng telebisiyon. Wala rin si lola sa ***veranda*** na paborito niyang lugar sa pagsusulsi. Naabutan ko si nanay sa kusina na tahimik na naghahanda ng tinolang manok.

"Nay, nasaan po sila? Bakit ikaw lang po ang nandito sa bahay?" nagtataka kong tanong.

"Oo anak, dahil dinala ng tatay at lola mo sa ospital ang iyong lolo. Dalawang araw na kasi siyang nilalagnat," sagot naman ni nanay sa akin.

Kaya pala matamlay si lolo nitong nakaraang araw. Kawawa naman pala si lolo.

Nag-iisip ako kung paano ako makatutulong sa dagliang paggaling ni lolo. Nalungkot ako dahil wala akong maisip na kayang gawin.

Napukaw ako mula sa aking iniisip sa bango ng nilulutong tinola ni nanay.

"Mmmm, ang bango at ang sarap!" sambit ko.

"Sinarapan ko talaga ito para mabilis na gumaling ang lolo mo. O, s'ya, maghanda ka na at dadalawin natin siya sa ospital. Dadalhan natin siya ng pagkain, at huwag mong kalimutang handugan siya ng awiting paborito ninyong kantahin." dagdag pa niya.

Hindi ako mapalagay sa kaiisip habang patungo sa ospital kung paano mapagagaling ng tinolang manok si lolo.

Wala pa ring sagot sa mga tanong ko hanggang nasa tapat na pala kami ng pinto ng silid ni lolo. Unti-unting pinihit ni nanay ang pinto at nakita ko ang pananamlay ng may sakit kong lolo.

Bahagyang ngumiti ang lolo nang makita niya kami. Naalala ko ang bilin ni nanay na kakantahin ko ang paborito naming kanta ni lolo.

"May tatlong bibe akong nakita..." ang umpisa ko at sinabayan ko pa ng nakaaaliw na galaw. Napansin kong unti-unting bumangon ang lolo sa pagkakahiga at patawa-tawang naupo sa kaniyang kama. Pagkatapos kong kumanta ay inumpisahan na ni nanay na ilabas ang dala naming pagkain para sa hapunan.

"O tay, higupin mo itong mainit-init na sabaw ng tinolang manok para gumaling ka kaagad," sambit ni nanay. Binigyan din niya kami nina tatay at lola ng sabaw.

Lahat kami ay sarap na sarap sa tinolang luto ni nanay.

Nang matapos na kaming kumain, nagulat ako nang si lolo naman ngayon ang nagpasimuno sa aming paboritong kanta at ginaya niya ang mga galaw ko kanina.

"Aba! Nakagagamot pala ang tinola." masaya kong tugon.

Nagtawanan silang lahat na nakatingin sa akin.

Matapos mong basahin ang kuwento, sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Bakit naging tahimik ang buong bahay isang hapon?
2. Ano ang naisip na paraan ng bata sa kuwento upang mapadali ang paggaling ng kaniyang lolo? Bakit iniisip ng bata na wala siyang kayang gawin?
3. Sa paanong paraan naipakita ng mag-ina ang pagmamalasakit nila sa lolong may sakit?
4. Sa kabila ng pagiging bata, naipakita ba niya ang pagmamalasakit sa kaniyang lolo? Sa paanong paraan?
5. Sa iyong palagay, ano kaya ang pwede mong magawa para maipakita ang pagmamalasakit mo sa iyong kapwa lalong-lalo na sa mga may sakit?

# *Suriin*

Ang pagpapakita ng malasakit sa kapwa lalo na sa mga may sakit ay isang tanda ng iyong kabutihang-loob. Sa simpleng pagdadala ng pagkain, pagbibigay ng oras sa pagdalaw at pag-aliw ay nakapagpapapagaan na ito ng kalooban. Nababawasan na nito ang bigat ng kanilang nadarama dulot ng kanilang karamdaman. Ang pagbibigay ng panahon na dalawin at aliwin ay tanda ng pagdamay sa kanilang nararamdaman.

# Pagyamanin

**Gawain 1**

Basahin ang sitwasyon sa hanay A. Hanapin sa mga kahon sa hanay B ang mabuting gawin sa bawat sitwasyong isinasaad sa hanay A. Isulat sa iyong sagutang papel ang letra ng tamang sagot sa bawat bilang.

**Hanay A**

1. Nilalamig ang iyong nanay dahil sa trangkaso
2. Binabalak mong dalawin ang kaibigang may sakit nang may nadaanan kang tindahan ng mga bulaklak
3. Nabalitaan ng inyong pamilya na may sakit ang batang kapitbahay ninyo
4. Nag-alala ang buong klase dahil may sakit ang isa sa inyong kaklase
5. Gusto mong makatulong sa agarang paggaling ng iyong lola. Sa limitado mong kakayahan, ginawa mo ang simple ngunit mabisang paraan ng pagmamalasakit

**Hanay B**

a. Hinandugan ng bulaklak ang kaibigang may sakit

b. Pinadalhan ng mga prutas at masustansiyang pagkain ang kaklaseng may sakit

c. Inalalayan sa paghigop ng mainit na sabaw ang nanay na may sakit

d. Nagdala ng pagkain para sa kapitbahay na may sakit

e. Ipinagdasal ang lola na sana ay gumaling na siya kaagad

**Gawain 2**

Basahin ang bawat tanong. Sagutin ng **Opo** o **Hindi po**. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Naipakikita mo ba ang pagmamalasakit sa mga may karamdaman sa tuwing dinadalaw mo sila at dinadalhan ng pagkain?
2. Naipakikita mo ba ang pagmamalasakit sa mga may karamdaman sa tuwing iniiwasan mo sila dahil takot kang mahawaan ng kanilang karamdaman?
3. Naipakikita mo ba ang pagmamalasakit sa mga may karamdaman sa iyong simpleng pamamaraan na paghahandog ng awitin sa kanila?
4. Naipakikita mo ba ang pagmamalasakit sa mga may karamdaman kung binabalewala mo ang kanilang iniindang hirap dulot ng kanilang sakit?
5. Naipakikita mo ba ang pagmamalasakit sa mga may karamdaman sa mga oras na kinukumusta at kinakausap mo sila upang pansamantalang malimutan nila ang hirap ng kanilang kalagayan?



# *Isaisip*

Maraming paraan upang maipakita at maipadama ang pagmamalasakit sa iyong kapwa. Bata man o matanda ay nakagagawa nito. Bilang isang tao ay wala sa edad, kasarian o estado ng pamumuhay ang batayan upang tayo ay makapagbigay ng malasakit sa kapwa, at hindi rin batayan kung ito ay malaki man o maliit, ang mahalaga ay ang paggawa nito na bukal sa iyong kalooban.

Batay sa iyong napag-aralan, paano mo maipakikita ang pagmamalasakit sa kapwa lalo na sa mga may sakit?

Maipakikita ko ang aking pagmamalasakit sa kapwa lalo na sa mga may sakit sa pamamagitan ng _________________, _________________, at _________________.

## *Isagawa*

Guhitan ng mukhang may ekspresyon ang bawat bilog base sa nararamdaman mo sa bawat sitwasyon. ☺ kung masaya o natutuwa ka, at ☹ kung nalulungkot ka. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| **Sitwasyon** | **Ekspresyon ng mukha** |
|---|---|
| 1. Dinadalaw ang kaibigang may sakit sa ospital o sa bahay. | ○ |
| 2. Binibigyan ng oras ang kaanak na maysakit sa mga araw na walang pasok. | ○ |
| 3. Dinadalhan ng bulaklak ang pinsan na may sakit upang sumigla at maaliw. | ○ |
| 4. Ipinagdarasal ang mga may sakit para sa agarang paggaling. | ○ |
| 5. Pinalulutuan sa nanay ng paboritong ulam ang kapatid na may sakit. | ○ |

# *Tayahin*

Panuto. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Sa simple mong paraan, ano ang maaari mong magawa para sa kaibigang may sakit?

    A. Bigyan ng maraming kendi
    B. Dadalhin sa mamahaling ospital
    C. Hahandugan ng kanta para maaliw
    D. Bibilhan ng tsokolate at mga tsitsirya

2. Nabalitaan mong may malubhang sakit ang iyong pinsan. Ano ang gagawin mo?

    A. Dadalawin at aaliwin
    B. Wala nang magagawa
    C. Hindi na lang papansinin
    D. Pagagalitan dahil nagkasakit

3. Dinalaw mo sa kanilang bahay ang kaklase mong may sakit. Tungkol saan ang pwede ninyong pag-usapan upang siya ay sumigla?

    A. Problemang dulot ng pagkakasakit
    B. Pag-aaway ng mga kaklase sa loob ng klase
    C. Masasayang pangyayari na naganap sa klase
    D. Malulungkot na pangyayaring naganap sa klase

4. Ang dalawin at aliwin ang taong may sakit ay isang kaugalian na nagpapakita ng ____________________.

    A. pagkamatalino
    B. pagmamalasakit
    C. pananampalataya
    D. pakikialam sa ibang tao

5. Nakatutulong ba ang paglalaan ng oras sa pagdarasal para sa mga taong may karamdaman upang mapabilis ang kanilang paggaling? Bakit?

   A. Hindi, dahil wala itong bisa
   B. Hindi, dahil hindi ito nakagagamot
   C. Oo, dahil malakas ang kapangyarihan mo
   D. Oo, dahil sa taimtim na dasal ay walang imposible

## *Karagdagang Gawain*

Gumawa ng isang katibayan sa iyong pagsasabuhay sa pagpapakita ng malasakit sa mga may karamdaman sa pamamagitan ng isang "Panunumpa". Isulat sa mga patlang ang mga naaangkop na mga sagot o salita.

Thumb Mark

Lagyan ng iyong Larawan

**PANUNUMPA**

*Malasakit sa mga may Karamdaman*

Ako si ______________________________,
*isulat ang iyong pangalan)*
nangangako na _______________________
_____________________________________
_____________________________________
_____________________________________
____________________________________.

______________________
*Lagda*

## Susi sa Pagwawasto

**Aralin 1**

**Subukin**
p. 2
1. 
2. 
3. 

**Pagyamanin**
p. 6-8

| Gawain 1 | Gawain 2 | Gawain 3 |
|---|---|---|
| 1. d | 1. d | 1. Tama |
| 2. b | 2. b | 2. Mali |
| 3. d | 3. d | 3. Mali |
| 4. d | 4. d | 4. Tama |
| | | 5. Tama |

**Isaisip**
p. 10
pagtulong
pag-aalaga

**Tayahin**
p. 10-11
1. c
2. c
3. d
4. d
5. d

**Karagdagang Gawain**
p. 12
1. Pagtulong
2. Pag-unawa
3. Pamalasakit
4. Pagmamahal
5. Pag-aalaga

**Aralin 2**

**Pagyamanin**
p. 17-18

| Gawain 1 | Gawain 2 |
|---|---|
| 1. c | 1. Opo |
| 2. a | 2. Hindi po |
| 3. d | 3. Opo |
| 4. b | 4. Hindi po |
| 5. e | 5. Opo |

**Isaisip**
p. 19
pagdalaw
pag-aaliw at
pagbibigay ng
pagkain o
anumang bagay
sa abot ng inyong
kakahayan

**Tayahin**
p. 21-22
1. c
2. a
3. c
4. b
5. d

## *Sanggunian*

Maria Carla M. Caraan et. al. Edukasyon sa Pagpapakatao - Ikatlong Baitang : Kagamitan ng Mag-aaral sa Sinugbuanong Binisaya. Unang Edisyon. Edited by Erico M. Habijan at Irene C. De Robles. Pasig City: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat, 2014, 57-71.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph